PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
VOL. 19 NO. 51 FEBRUARY 15 - 21, 2021 10.00

Ako ay Pilipino

CAPE
CAVITE ASSOCIATION OF PUBLISHERS & EDITORS, INC.

# Cavite starts search for new Sangley partner

**The provincial government of Cavite has kicked-off anew its search for a new partner for the Sangley Point International Airport (SPIA) project after the airport deal previously awarded to the tandem of Lucio Tan's MacroAsia Corp. and China Communications Construction Co. Ltd. (CCCC) was terminated last month.**

The local government of Cavite yesterday published an invitation for interested parties to submit proposals for the competitive selection of its joint venture partner for the SPIA project.

"The provincial government of Cavite is again inviting qualified firms to submit joint venture proposals for the development of the Sangley Point International Airport Project," it said.

Prospective bidders are given one month, from March 1 to March 30, to purchase the bid documents which will contain instructions, draft joint venture and development agreement, as well as project feasibility study, including schedules and updates.

The documents can be accessed for a non-refundable participation fee of P1 million. Companies which have bought the bid documents during the first competitive selection process launched in October 2019 are required to submit a new expression of intent and pay P25,000.

The local government of Cavite has set the deadline for the submission of joint venture proposals on May 4.

"The province of Cavite reserves the right to accept or reject any JV proposals, and to discontinue the second competitive JV partner selection process," it said.

The join venture partner, if selected, will be responsible for co-developing the airport project together with the province of Cavite, as well as provide the necessary equity investment, debt financing, and credit enhancements.

It will also be tasked to secure or perform the engineering, procurement and construction services for the land and airport development components of the project.

The SPIA project is a master-planned 1,500-hectare new international airport development.

Metro Pacific Investments Corp. (MPIC) chairman Manuel V. Pangilinan told The STAR last month that the SPIA project "looks interesting." "We don't know enough about the project – the little we know we've gleaned from media accounts. But it looks interesting – not least because the airport connects to our southern tollways," he said.

MPIC was one of the companies that purchased bid documents for the SPIA project, but did not submit an actual bid.

AC Infrastructure Holdings Corp. president and CEO Jose Rene Almendras also told The STAR last month that the company would consult with

(SEE page 7)



*The local government of Cavite yesterday published an invitation for interested parties to submit proposals for the competitive selection of its joint venture partner for the SPIA project.*

## DA patuloy ang pagtulong sa mga magsasaka sa CALABARZON

LUNGSOD NG LUCENA, Quezon, (PIA) --Inihayag ni Department of Agriculture Region-4A Officer-In-Charge Regional Director Vilma Dimaculangan na patuloy na tumutulong ang kanilang tanggapan sa mga magsasaka sa lalawigan ng Quezon gayundin sa mga lalawigang sakop ng Region-4A.

Sa idinaos na virtual Kapihan sa PIA Quezon noong Pebrero 10, sinabi ni Dimaculangan na marami nang magsasaka ang kanilang mga natulungan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga fertilizer, mga seedlings at iba pang ng uri ng ayuda sa ilalim ng programang "SURE AID Program ng DA.

Maliban dito, nagkaloob din ang DA ng cash assistance sa mga magsasakang na apektado ng pagbagyo sa nakalipas na taon.

Samantala, hinikayat ni Dimaculangan ang mga magsasaka sa Quezon na magpa-seguro sa Philippine Crop Insurance Corporation para makakuha ng loan program na walang babayarang interest upang may magamit sila sa kanilang mga gawaing pangkabuhayn kagaya ng pagtatanim ng mga gulay at iba pa.

"Maaaring makautang ang mga magsaska ng halagang P25,000 na walang ipapataw na interes", sabi ni Dimaculangan.

Dagdag pa niya, marami ang maitutulong ng Philippine Crop Insurance Corporation sa ating mga magsasaka kung magpapa-insure.

(SEE page 7)

## LGU Carmona opens public parks, Davilan area upon local IATF recommendation

TRECE MARTIRES CITY, Cavite (PIA) -- The local government of Carmona announced the re-opening of the Municipal Park, the Davilan area at Barangay Lantic, and the Milagrosa Park to allow activities for health and recreation to residents of the town.

This came upon the recommendation of the local IATF to loosen the protocols due to the recent decrease in the number of confirmed cases in the municipality and with the cooperation shown by the residents with regard the temporary closure of above-mentioned sites.

The re-opening comes with corresponding guidelines for users of the parks which include securing the D.A.H.L.I.A pass (Direct Access to Healthy Lifestyle Intervention and Advocacy) from the barangay for residents of the municipality aged 15-65 years to allow entry to the areas. Visitors at the public areas are strictly required to bring their own garbage bags to maintain the cleanliness of the leisure parks.

These public parks and the Davilan area are open from 5am-5pm daily and passing through non-residents on bicycles, motorcycles and any other type of vehicles are prohibited to park and linger inside said areas.

The officials of Barangay Cabilang Baybay of Carmona town hopes that their constituents will follow this directives and they are more than happy to help in giving the DAHLIA Passes because the parks and the Davilan area are meant to benefit the townfolks of Carmona. (Ruel Francisco/ Brgy. Cabilang Baybay FB page)




ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

# Mga pananaw para gawing matatag ang pamilya sa gitna ng pandemya

Paano naapektuhan ng pandemya ang inyong pamilya? Nag-aalala ba kayo kung paano mababayaran ang inyong bills dahil sa limitadong kita? Mas madalas ba kayong nag-aaway ng inyong partner? Balisa ba ang inyong anak dahil palaging nasa bahay, nahihirapan sa homework, o nagpapakita ng senyales ng depression?

Hindi lang kayo ang may ganitong nararamdaman at hindi lang din kayo ang kumikilos para malutas ito. Sama-samang kumikilos ang lahat ng sektor ng lipunan — gobyerno, pribadong mga kumpanya, NGOs, at mga eksperto man sa iba't ibang larangan — para suportahan ang pamilyang Pilipino na malampasan ang isa sa mga pinakamatinding krisis na kinahaharap nito.

Isang holistic dialogue

Isang karangalan ang maging moderator sa kauna-unahang Filipino Family Well-Being Virtual Conference 2021 na inorganisa ng Unilab Foundation, Inc. Nagpapasalamat ako sa Executive Director ng Unilab Foundation na si Lilibeth Aristorenas, at kina Dr. Shake Hocson (Program Director, Heads Up PH- Unilab Foundation) at Jefferson Hilario (Project Officer, Heads Up PH- Unilab Foundation) sa kanilang pagbuo ng Bayanihan for Well-Being (BWB) program. Dito'y nagsasama-sama ang mga magulang at mga kinatawan mula sa iba't ibang sektor ng lipunan para matulungan ang mga pamilyang Pilipino na mas tumibay kahit na may pandemya.

Kasama sa panelists sa aking session sina:

RJ at Jo Anna Serra, Couples for Christ

Pastor Choy Magdaong, Manager, Faith and Development – Operations, World Vision Development Foundation Inc.

Fr. Tito Caluag, Vice President for Academic Affairs and Formation, Magna Anima Teachers College

Dr. Rhea Concepcion, President, Philippine Society for Child and Adolescent Psychiatry

John Calidguid, Project Development Officer, Social Technology Bureau, DSWD

Nerrisa Gallo, 4Ps

Shiena Base, Technical Specialist on Child Protection, Educo Philippines

Napakahalaga ng ganitong mga dayalogo ukol sa "New Family in the New Normal." Gaya ng sinabi ni Fr. Tito, dahil sa mga realidad tulad ng extended isolation o mass distance learning, napipilitan tayong maghanap ng bagong mga modelo. "May mga hamon ngayon na mahirap maintindihan o mahirap lutasin gamit ang mga lumang pamamaraan o mindset."

Narito ang ilang mga pananaw na nakatulong sa akin bilang isang ina at asawa na nag-aalala rin sa epekto ng pandemya sa aking pamilya.

Online learning

"Nahihirapan ang mga bata. Feeling nila, araw-araw ay may exam," sabi ni Nanay Nerissa Gallo of 4Ps. Lahat tayo'y nakaka-relate dito. Bagama't ginagawa ng mga guro ang lahat para maipaliwanag ang mga aralin sa pamamagitan ng powerpoints at handouts, sa distance learning, kailangan pa ring sanay ang mga bata na mag-self-study. Mas malaki ring tulong mula sa mga magulang ang kailangan ng mga bata sa distance learning.

Pero paano kung parehong nagtatrabaho ang mga magulang, o limitado lang ang Internet access? Paano kung hindi "techie" ang mga magulang o kung may ibang istilo ang kanilang anak para matuto? Bagay ang powerpoints at handouts sa mga bata na madaling matuto sa pamamagitan ng pagbabasa o pakikinig, Ngunit mayroong mga bata na natututo sa paggawa o pagkakaroon ng interaksyon sa iba.

Malaki ang pressure sa mga anak at sa mga magulang. "Kaya panahon na para mas maging malikhain," sabi ni Dr. Rhea. "Importante ring matutong mag-delegate ang mga ina. Kailangan nilang isama ang ibang miyembro ng pamilya, at bigyan sila ng papel at responsibilidad."

Maaaring turuan ni ate o kuya ang nakababata nilang kapatid o tumulong sila sa mga gawaing-bahay, para mas maraming oras si nanay para tumulong sa homework. Dapat isaisantabi rin ng mag-asawa ang stereotype tungkol sa tradisyonal na papel ng mga tatay at nanay na nakasanayan na ng mga Pilipino —- gaya ng tanging ang nanay lang ang nakatutok sa pag-aaral ng mga bata at walang pakialam si tatay.

Sabi nina RJ at Anne, na may limang anak sa parehong pribado at pampublikong paaralan, puwedeng sabihin sa guro kung kailangan mo ng tulong. Kung may problema ka sa Internet, magtanong ukol sa offline modules o iba pang paraan para makapagsumite ng homework. "Nauunawaan ng mga guro ang inyong pinagdaraanan, at mayroon naman silang konsiderasyon."

Stress sa buhay mag-asawa

Sa aking column noong nakaraang linggo ukol sa pagpapatibay sa pagsasama ng mag-asawa ngayong pandemya, nabanggit ko ang datos na sa iba't ibang panig ng mundo, nauuwi na sa hiwalayan ang mga mag-partner dahil sa stress dala ng pandemya. Nakita sa survey sa ibang mga bansa na isa sa limang mag-asawa ay mas madalas nag-aaway, at 30 porsiyento naman ang nagsabing mas naiinis sila ngayon sa kanilang partner.

"Makinig sa isa't isa, bigyang halaga ang maliliit na bagay, at huwag sumuko sa pag-ibig," ayon kay Shiena. Subukang alalahanin kung bakit kayo na-inlove sa isa't isa. Maaaring naiinis kayo sa isa't isa ngayon, ngunit may panahon na kayo'y in-love na in-love sa isa't isa. Muli ninyong buhayin iyon. "May yaman na nakukuha sa pakikinig, kasi mas nauunawan natin ang sitwasyon at lalim ng pangangailangan ng ating kausap," dagdag ni Pastor Choy.

Ngunit binigyang-diin ni Shiena na hindi porke maunawain ka ay kukunsintihin mo na ang anumang pang-aabuso. "Ang pagtatalo ay bahagi ng buhay may-asawa, ngunit hindi katanggap tanggap ang pananakit," sabi niya. Makikita ito ng inyong mga anak. Hindi lang ito mag-iiwan ng sugat sa kanilang emosyon, kundi iisipin din nila na normal lang ang pananakit sa isang relasyon.

Idinagdag ni Fr. Tito na ang isolation ay nakakadagdag sa stress at nauuwi sa karahasan. Kaya mahalaga na magkaroon ng koneksiyon – hindi lang sa inyong partner o sa pamilya, kundi sa ibang tao sa inyong komunidad. Kung nararamdaman ninyong nakakaapekto na ang stress sa inyong buhay may-asawa, makipag-usap kayo sa mga kaibigan, sa spiritual advisor, o sa isang marriage counselor.

Pakiramdam ng kawalan ng pag-asa

Ayon sa mga eksperto, ang depresyon at pagkabalisa o anxiety ang "second wave ng pandemya." Malaki ang epekto ng isolation, stress mula sa problemang pinansiyal, at ang pagkawala ng karaniwang coping mechanisms. Madalas itinatago ng mga magulang ang kanilang pagkabalisa dahil nais nilang maging matibay para sa kanilang pamilya.

Pero mas maganda kung aaminin natin na tayo'y takot at tatanggapin natin na walang perpektong sitwasyon o tao. Sabi nga nila, it's okay not to be okay. Maging mabait tayo sa ating mga sarili, at hayaan natin ang ating mga sarili na magkamali. Makatutulong ito para madali tayong makapag-adjust sa bagong mundo natin ngayon.

Sinabi ni Pastor Choy na ang "ginhawa" ay ang pinakamalapit na kahulugan ng salitang "well-being." Para sa akin, ang ibig sabihin nito ay maghanap ng paraan para mapagaan ang ating pisikal at emosyonal na pasanin upang magkaroon ng malinaw at payapang kaisipan. Kabilang dito ang pag-aalaga sa sarili – o paglalaan ng 30 minuto bawat araw para sa mga bagay na gusto nating gawin, paghahayag ng ating saloobin sa isang journal, o paghingi ng tulong.

Sabi ni Pastor Choy, "Ang maginhawang pamilya ay nagsisimula sa maginhawang pagsasama ng mag-asawa." Ang mga bata ay nagkakaroon ng seguridad kung masaya ang kanyang tahanan, at sa isang tahanan, ang inyong kasal ang pundasyon. Kaya mas mahalaga ngayon na ilagay ang Diyos sa sentro ng inyong relasyon. Ipagdasal ang isa't isa at ipagdasal ang inyong kasal.

Pinansiyal na problema

Maraming mga tao ang nawalan ng trabaho o bumagsak ang negosyo. Kailangan nilang maghanap ng bagong paraan upang kumita. Para kina RJ at Jo Anna, kahit na naapektuhan ng pandemya ang kanilang negosyo, dapat pa ring mag-isip nang positibo at tingnan ang New Normal bilang pagkakataon para makakita ng bagong mga oportunidad.

Halimbawa, dahil sa lockdown ay naging mahirap para sa mga tao na bumili sa pinakamalapit na talipapa. Ang mga tricycle driver na nawalan ng kita dahil sa ban sa pampublikong transportasyon ang naghatid ng sariwang karne at iba pang produkto sa mga barangay bilang tulong sa mga tindera, kasabay na rin ng pagkakaroon ng sariling kita.

"Maniwala na gaganda rin ang mga bagay-bagay, at matapos nating gawin ang lahat ng ating magagawa, ipasa-

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at 147 Panapaan IV, Bacoor, Cavite.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com.
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER.Ph MEMBER

ERNA M. BALAGTAS
Publisher

DIOSAN MARUAL
KCEE NACION
Marketing & Circulation Manager

DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.
Editor-In-Chief

SUBSCRIPTION RATE : P1,000.00/year
Advertising Rate : P200.00/col. cm.
Legal Rate : P160.00/col. cm.

## KUTOB NG KAPALARAN

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Matutupadang pa-ngarapbagosisibolangbagongpag-ibigsaiyongbuhay. Tuloyangpagta-travel abroad.Huwaglangkalimutangmagdalangface mask at face shield. Lucky numbers at color for the day ang 43, 26, 56, 13, 33 at sunyellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Samahanng budget ang business plan. Kuninangpagkakataonna feeling owner kang corporation. Lucky numbers at color for the day ang 33, 47, 46, 28, 52 at ruby red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Angpursigidongkaloobanangmagbibigayngenegyparamatupadang gusto mo. Feel good kasa effect ng action. Lucky numbers at color for the day ang 23, 26, 49, 52, 12 at jade green.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) 'Pag gusto, mahahanapanngparaan, matutupadangnais. Pag-ayaw, may dahilanparahindigawin. Lucky numbers at color for the day ang 33, 56, 49, 22, 11 at vanilla brown.

GEMINI: (May. 21-Hun. 21) Patuloyangiyong investment sa sari-saringnegosyo. Lilikhang vibration at increasing ang income mo. Lucky numbers at color for the day ang 43, 36, 58, 21, 12 at ultra violet.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Kung nalilitokasa opportunity namagpapaunladsaiyo, kumunsultasa psychic paramagabayansadesisyon. Lucky numbers at color for the day ang 53, 26, 49, 31, 13 at cyan blue.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Helpful person angmakikilala, ia-adjust moangsarilidahilhangadmona mas makilala pa siya. Happy ka. Lucky numbers at color for the day ang 33, 46, 29, 15, 51 at shocking pink.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Feeling nabunutanngtiniksanilagdaangkontrata. Ito ang reward ngiyong transaction. Lucky numbers at color for the day ang 43, 36, 29, 54, 13 at dollar green.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Saparaanng meditation, mata-transform into harmonousang pakikipag-ugnayan. Mage-excel kasatrabaho. Lucky numbers at color for the day ang 23, 56, 39, 42, 11 at cherry red.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Mag-meditate para mag-subside ang panic anxiety. Malalampasananglahat, kaya don't worry. Lucky numbers at color for the day ang 43, 36, 59, 12, 31 at mint green.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Big and small man angbiyaya, ipagpasalamatito. Magigingmasayaangarawdahilsamgabagongkaalamanmatututunan. Lucky numbers at color for the day ang 53, 26, 49, 13, 41 at tangerine.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Magpakatotooparamapatunayanangkatapatan. Huwagibulgarangiyongmgaplano, kumilosng consistent. Lucky numbers at color for the day ang 35, 48, 54, 43, 11 at lilac violet.

Diyos na lang natin ito. Huwag mawalan ng pag-asa. Nasa tao ang gawa, nasa Diyos ang awa," sabi ni RJ.

Dagdag naman ni John, puwedeng tumawag sa DSWD hotline sa 89318144, o sa lokal na pamahalaan ang mga gustong humingi ng tulong. May livelihood programs ang gobyerno o urban gardening programs na makatutulong magbigay ng food security sa inyong pamilya (basahin ang aking nakaraang column ukol sa urban gardening para sa karagdagang impormasyon ukol dito).

Kaya natin ito, basta't sama-sama

Sabi nga, kailangan ng isang buong barangay para magpalaki at mag-aruga ng bata… at para protektahan ang pamilya sa panahon ng pandemya.

Sama-samang kumikilos ngayon ang mga pampubliko at pribadong sektor para bigyan ang mga pamilya ng suporta, at nang malampasan nila ang mga hamon na dulot ng COVID-19 pandemic.

Kayang-kaya kung sama-sama. Pre-COVID family photo kasama sina Fiona, Fiana, Fae at Nonong

Nagbibigay ang psychiatrists ng tele-consultation services, at nagsimula na rin silang mag-alok ng face-to-face consultations (basta't sumusunod pa rin sa safety protocols). Maaari rin kayong lumapit sa inyong parokya na maaaring magbigay ng psycho-social at ispiritwal na gabay.

Para sa tulong sa pag-aaral ng inyong mga anak, maaari ninyong lapitan ang mga guro at paaralan, o humanap ng libreng educational programs sa TV, radyo at sa internet. Puwede rin kayong mag-download ng libro, module at iba pang materyales mula sa DepEd Commons.

Tumawag din sa pinakamalapit na DSWD field office para alamin ang iba't ibang mga programa tulad ng supplemental feeding, livelihood programs, at iba pang serbisyo.

Nakipagtulungan na rin ang Catholic Bishops Conference of the Philippines (CBCP) sa Bayanihan Wellness Program ng Unilab Foundation para ilunsad ang Building Networks of Compassion program. Kasama rito ang seguridad sa pagkain, edukasyon, well-being, kabuhayan at trabaho — na ipatutupad sa mga parokya at iba pang mga lokal na komunidad.

Dayalogo at paglalakbay

Ang Filipino Family Well-Being Virtual Conference ay isa lang sa maraming dayalogo na kailangan natin – bilang isang pamilya at bilang isang bansa – upang malampasan natin ang krisis na ito nang sama-sama.

Ngunit gaya ng sinabi ni Shiena, dapat kasama sa dayalogong ito ang ating mga anak. Dapat nating malaman kung ano ang epektong dulot sa kanila ng pandemya at maging bukas tayo sa kanilang mga ideya.

Bilang ina at asawa, sanay akong gawin ang mga bagay-bagay nang nag-iisa. Ngunit dahil sa conference, namulat akong kailangan tayong maging bukas sa tulong ng iba. Ang pandemya ay isa sa mga pinakamalaking problemang hinaharap ng mundo. Ngunit puwede rin nating gamitin ang pagkakataong ito para mag-bonding ang pamilya at mahubog nang tama ang ating mga anak. Gamitin natin ang krisis na ito bilang pagkakataon para makinig sa isa't isa, matuto sa isa't isa at maging malakas para sa isa't isa.

Sabi nga ni Jo Anna, "Kapag nag-uusap kami ng mga anak ko tungkol sa pandemya, sinasabi ko sa kanila na talagang mahirap ngunit isang araw magbabalik-tanaw din tayo sa panahong ito. Kaya gumawa tayo ng magagandang alaala, magtulungan tayo, maging sensitibo sa pangangailangan ng bawat isa. Dapat ay mas maging mabuti tayong tao at maging mas matatag an gating pamilya pagkatapos ng pandemyang ito."

Maaari niyong panoorin ang buong video ng conference sa aking Facebook Page @JingCastaneda.

## Cavite starts....

the other members of the original NAIA consortium if they would want to take a shot at the SPIA project.

Members of the said consortium, which previously submitted a proposal to rehabilitate the Ninoy Aquino International Airport, are AC Infrastructure, Alliance Global Group Inc., Asia's Emerging Dragon Corp., Filinvest Development Corp., JG Summit Holdings Inc. and MPIC.

## DA patuloy....

Ibinalita rin ng opisyal na tuloy-tuloy ang ginagawang konstruksiyon ng Sariaya Agricultural Training Facility na pinondohan ng DA ng halagang P100M mula isa Bayanihan Stimulus Fund.

Target matapos ang proyekto sa Hunyo 30, 2021 at magsisilbing training center ang nasabing pasilidad sa mga magsasaka sa bayan ng Sariaya at iba pang mga bayan sa lalawigan ng Quezon.

Sa Kapihan sa PIA, sinabi rin ni Director Dimaculangan na sinisiguro ng kanilang tanggapan na may sapat na pagkain sa CALABARZON at patuloy din ang kanilang pagmo-monitor ng presyo ng mga gulay at karne sa pamamagitan ng kanilang "Bantay Presyo Team" upang mapangalagaan ang mga mamimili laban sa mga taong sobrang magtaas ng presyo ng kanilang panindang karne at mga gulay. (Ruel Orinday-PIA-Quezon)



# Bacoor LGU rolls out vax program simulations

By Patricia Bermudez

The City Government of Bacoor is all systems go for their city-wide COVID-19 vaccination program after the local Inter Agency Task Force rolled out its simulations today.

In a prior meeting with the CALABARZON Local Task Forces Against COVID-19, City Councilor Alde Pagulayan said that they have launched a COVID-19 Electronic Immunization Registry (CEIR) to ensure a safe and more convenient registration process.

A total of 325 personnel were hired to form 25 vaccination teams to be deployed in all of the city's 16 vaccination sites.

The City Health Office and Private Hospital Workers will be at the forefront of the program, handling the screening, monitoring and administration of the vaccines.

It will also include the Sangguniang Kabataan and the City Information Management Systems, who will handle the registration of the individuals who will be vaccinated, as well as teachers who will join the City Social Welfare and Development Office in providing counselling services.

"Mayroon kaming nilaan na budget para sa pag procure ng equipment para matulungan ang national government sa pag rollout ng vaccination plan. It will be a priority, We will move heaven and earth para ma suportahan ang vaccination program ng national government," Pagulayan assured.

[We have allotted a budget to procure the equipment to help the national government in rolling out the vaccination plan. It will be a priority. We will move heaven and earth to support the vaccination program of the national government.]

The city government is also working with a private company located in Barangay Longos who will provide the cold facility needed for storing the vaccines the city government procured from drug manufacturers, Pfizer, Astrazenica and Moderna.

Three Ultra High Temperature Freezers in the Southern Tagalog Regional Hospital will also be utilized for storing vaccines to prevent them from spoiling upon reaching city borders.

To recall, Mayor Lani Mercado-Revilla has signed an Executive Order for the establishment of technical working groups who will oversee the vaccination operations center, database and registry, communication and information dissemination, procurement and finance, and logistics.

Local government offices, such as the City Health Office, MIS, Public Information Office, City Budget Office, and General Services Office, have been tapped to handle the logistics entailed in the vaccination program.

Simulations in the city-wide vaccination plan were done in different venues, such as Bacoor Elementary School (ALIMA), Southern Tagalog Regional Hospital, and Bacoor Coliseum to determine which area will be most conducive--in terms of travel control, logistics and manpower--in facilitating the successful vaccination rollout. (PB)


PAHAYAGAN NG Kabitenyo

ISSN-1656-0558

In God We Trust

VOL. 19 NO. 51 FEBRUARY 15 - 21, 2021 10.00


# 7 toneladang gulay mula sa Cavite, iniluluwas ng YH MPC sa Kalakhang Maynila

By DA-RFO IVA, RAFIS

Tinatayang halos pitong (7) toneladang gulay, root crops, at value-added products mula sa lalawigan ng Cavite ang iniluluwas ng Yakap at Halik Multi-Purpose Cooperative (MPC) sa iba't ibang pamilihan/tindahan, restawran, at nayon sa Kalakhang Maynila gaya ng mga lungsod ng Muntinlupa, Taguig, Parañaque, at Quezon; at maging sa Divisoria, dalawa hanggang tatlong beses kada linggo.



Nasa 55 hanggang 60 pamilya ng mga organikong magsasaka, na mga miyembro ng kooperatiba, ang direktang kabahagi sa pagsasama-sama at pagbiyahe ng kanilang mga ani mula sa sarili nitong technology-demonstration/communal/cluster farm.

Sinabi ni G. Gabriel Arubio, chairperson ng kooperatiba, na ang kanilang mga miyembro ay patuloy na nagtutulungan sa pamamagitan ng proyektong KAtuwang sa DIwa at GaWA (KADIWA) ni Ani at Kita ng Kagawaran ng Pagsasaka upang matiyak na ang kanilang mga produkto ay madaling makakarating sa mga tao o direktang maiuugnay sa mga konsyumer o mamimili.

"Ngayong panahon ng pandemya, makakaasa po kayo na ang Yakap at Halik MPC ay katuwang ng Kagawaran ng Pagsasaka sa CALABARZON sa patuloy na produksyon at suplay ng sapat, sariwa, ligtas, at abot-kayang pagkain para sa ating mga mamamayan lalo na sa Metro Manila. Maraming salamat po sa DA sa inyong patuloy na suporta sa aming kooperatiba. At sa lahat ng mga magsasaka, mabuhay po kayo at pagpalain nawa ng Panginoon!," ibinahagi ni G. Arubio.

Ang Yakap at Halik MPC ay nagsusuplay din ng kanilang mga ani at produkto sa ilang marketing and distribution companies, katulad ng Philtycoon International, Co. at SARI ni G. Rodrigo "Jiggy" D. Manicad, Jr. (DA-RFO IVA, RAFIS)





